



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGLABAS: Ika-1 ng Mayo 2019
MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Simrun Dhoot - 415.749.4900

Nagsisimula ngayong araw ang panahon ng ulap-usok sa hangin habang papalapit ang mas mainit na panahon

Hinihimok ang mga nagbibiyaha na bawasan ang pagmamaneho, humanap ng mga alternatibo sa pagmamaneho nang mag-isa

SAN FRANCISCO – Inaanunsiyo ng Bay Area Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) ang paglulunsad ng 2019 Spare the Air (2019 Iligtas ang Hangin) sa ulap-usok sa panahon ng tag-init ngayong araw, Mayo 1.

Nananatiling pinakamalaking pinagmumulan ng pagpaparuming dulot ng ulap-usok at ng emisyon ng gas ng greenhouse sa Bay Area ang milyun-milyong sasakyan sa ating mga kalsada bawat araw. Hinihimok ng kampanyang Spare the Air ang mga residente ng Bay Area na bawasan ang pagmamaneho at humanap ng mga paraan upang magbahagi, o paikliin o baguhin ang kanilang mga pagbiyahe upang makatulong na bawasan ang ulap-usok, trapiko at pagkakabuhul-buhol ng trapiko sa rehiyon.

“Noong nakaraang taon, naranasan ng Bay Area ang ilan sa mga pinakamalalang kalidad ng hangin na naitala,” sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Sa pagdalas ng malalang panahon dahil sa pagbabago ng klima, na nagpaparami ng ulap-usok at nagpapalakas ng mga wildfire o mapaminsalang sunog, higit kailanman na mahalagang bawasan natin ang pagpaparumi sa hangin at mga gas ng greenhouse sa pamamagitan ng pagsama-sama sa sasakyan kapag bumibiyaha (carpooling), paggamit ng pampublikong transportasyon, paglalakad at pagbibisikleta, sa halip ng pagmamaneho mag-isa.”

Hinihimok ang mga empleyado sa Bay Area na alamin sa kanilang opisina ng human resources upang malaman kung anong mga benepisyo sa nagbibiyaha ang kanilang magagamit sa pamamagitan ng kanilang employer. Inaatasan ng programang Mga Benepisyo sa Nagbibiyaha ng Bay Area (Bay Area Commuter Benefits) ang lahat ng employer sa hurisdiksiyon ng Air District na may 50 o mahigit pang full-time na empleyado na mag-alok ng mga benepisyo sa nagbibiyaha sa kanilang mga manggagawa.

Sa mga mas mainit na buwan, inilalabas ang Mga Alertong Spare the Air kapag tinatayang aabot ang ulap-usok, o pagpaparumi ng ozone sa hindi malusog na antas. Maaaring maging sanhi ang ozone ng pangangati ng lalamunan, paninikip at pananakit ng dibdib. Maaari nitong simulan ang hika, pamagain ang sapin ng mga baga at palalain ang brongkitis at emphysema. Partikular na mapanganib ang pagpaparumi sa ozone para sa mga bata, matatanda at iyong may mga sakit sa baga at sa puso. Kapag may inilabas na Alertong Spare the Air, limitahan ang pag-ehersisyo sa labas sa dapit-hapon kapag pinakamataas ang konsentrasyon sa ozone.

Alamin kung kailan ipinapatupad ang Alertong Spare the Air:

- Sa pamamagitan ng mga alerto sa text sa pagpapadala ng text ng salitang “START” sa 817-57
- Sa pamamagitan ng pagkonekta sa Spare the Air sa Facebook o Twitter
- Sa website na www.sparetheair.org
- Sa pamamagitan ng pagtawag sa 1(800) HELP-AIR
- Sa pamamagitan ng pag-sign up sa AirAlerts sa www.sparetheair.org
- Sa pamamagitan ng pag-download ng Spare the Air na App sa iPhone o Android

Ang [Bay Area Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#). Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Spare the Air, pumunta sa <http://www.sparetheair.org>.

#

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)